# Aaahhh, Wala Akong Makita!



Kuwento ni
Iris Kristine A. Mejos

Guhit ni
Alemer O. Veloso



*Learning Competency*

*Living Things - Humans 1.1.a Sense Organs The learners should be able to practice healthful habits in taking care of the sense organs **(S3LT-IIa-b-1)**.*



# Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Mejos, Kristine A. *Aaahhh, Wala Akong Makita*. DepEd-BLR 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Iris Kristine A. Mejos
Illustrator: Alemer O. Veloso

Learning Resource Managers: Lorna Ragos
Analiza C. Almazan

Tagum City
Region XI

# Aaahhh, Wala Akong Makita!



Maglilimang oras nang nakatutok si Oliver sa kaniyang ginagawa. Hindi makausap, mautusan, at minsan ay napapahiyaw pa siya sa katuwaan. Dahil Sabado, kahit na hindi pa naliligo ay inuna muna ni Oliver ang paglalaro ng gadyet.



“Naku, Oliver, tama na iyan. Kanina ka pa naglalaro niyan,” ani Lola Pasing.

“Lola, saglit lang po. Matatalo ako nito,” sagot ni Oliver.

“Nakung bata ka, makikita mo`t masisira ang mga mata mo sa ginagawa mo,” saad ni Lola Pasing.

Pero kahit na anong paalaala ay hindi nakinig si Oliver.





Pangkaraniwang tanawin na ito sa bahay nina Oliver. Kaysa maglaro sa labas, mas gusto ng mga magulang ni Oliver na maglaro siya ng gadyet sa loob ng bahay. Palibhasa`y abala rin sila sa kanilang negosyo.

May pasok man o wala, laging bitbit ni Oliver ang kaniyang gadyet. Itinuring na niya itong isang matalik na kaibigan.



“Oliver, mas mainam na makipaglaro ka naman sa iyong mga kaibigan,” payo ni Lola Pasing.

“Ayaw ko po, Lola, baka madapa pa ako at masugatan mas mabuti pang maglaro na lang ako ng gadyet dito sa bahay mas ligtas pa,” pangangatwiran ni Oliver.

Kahit sa paaralan mas gusto ni Oliver na maglaro ng gadyet kaysa sumali sa mga laro ng kaniyang mga kaklase o sa mga patimpalak sa paaralan.



“Oliver, sali tayo sa *Quiz Bee* sa Agham. Naghahanap kasi si Gng. Ramos ng mga bagong kalahok,” imbita ng kaniyang kaklaseng si Mateo.

“Ayaw ko. Marami akong gagawin,” pagtanggi ni Oliver.

“Palagi ka na lang naglalaro ng gadyet. Hindi mo ba naaalala ang ating aralin sa Agham tungkol sa mata? Sabi ni Gng. Ramos masama sa mata ang pagbababad sa gadyet,” tugon ni Mateo.





Ngunit katulad ng dati, hindi pa rin nakinig si Oliver. Mas pinili niya ang paglalaro ng gadyet.



Isang umaga, pagkagising ni Oliver matamlay siya at walang ganang pumasok.

"Anak, may lagnat ka ba?" tanong ng kaniyang Mommy Camila.

"Wala po, Mommy. Inaantok lang po ako," sagot ni Oliver.



“Naku, nasobrahan na naman iyan sa kalalaro ng gadyet kagabi,” sambat ni Lola Pasing.

"Oliver, baka hindi ka na nag-aaral ng leksiyon dahil sa gadyet," saad ni Daddy Lucas.

"Hindi po, Daddy, palagi po akong nag-aaral kaya nga po ako napuyat kagabi," pagsisinungaling ni Oliver.





Makahulugang tinitigan ni Lola Pasing si Oliver dahil alam niyang hindi ito nagsasabi ng totoo subalit hindi ito pinansin ni Oliver.




Sa paaralan, matiyagang tinatalakay ni Gng. Ramos ang kanilang aralin sa Agham tungkol sa pangangalaga sa mga mata. Sa halip na makinig, ang nasa isip ni Oliver ay ang paglalaro ng gadyet.

“Ang tagal namang matapos ng klaseng ito,” isip ni Oliver.

Napahinto siya sa kaniyang imahinasyon nang bigla siyang tinawag ng kaniyang guro.

“Oliver, paano mo ba inaalagaan ang iyong mga mata?” tanong ni Gng. Ramos.



“Natutulog po ako nang maaga at hindi ako gumagamit ng gadyet, Ma`am,” pagsisinungaling muli ni Oliver.

“Tama iyan, Oliver. Mabuti iyang ginagawa mo,” puri ni Gng. Ramos.



Habang abala ang buong klase sa kanilang gawain, bigla na lang umiyak at sumigaw si Oliver.

"Aaahhh, wala akong makita!" hiyaw ni Oliver.





“Oliver, anong nangyayari sa iyo?” tanong ni Gng. Ramos.

“Wala po akong makita, Ma`am. Napakadilim po ng paligid. Tulungan po ninyo ako. Marahil dahil ito sa sobrang pagbababad ko sa gadyet. Ayaw ko pong mabulag,” saad ni Oliver habang nagwawala at umiiyak sa klase.

“Oliver, Oliver!” tawag ni Gng. Ramos.

“Ma`am, tulungan po ninyo ako,” nagmamakaawang sagot ni Oliver.





Pagmulat ni Oliver ng kaniyang mga mata ay nakita niyang nakatingin sa kaniya ang lahat ng kaniyang mga kaklase.

Nakatulog pala siya at dinalaw ng isang napakasamang panaginip.

Hiyang-hiya si Oliver sa kanila lalo na kay Gng. Ramos. Hindi siya makapagsalita sa kahihiyan.



Dahil dito, tinawagan ni Gng. Ramos ang kaniyang mga magulang at kinausap ang mga ito.

"Hinayaan ko po si Oliver na matulog sa klase kanina dahil nakita ko pong pagod na pagod siya. Natakot po ako nang bigla siyang umiyak at nagsisisigaw dahil wala siyang makita," paliwanag ni Gng. Ramos."



“Anak, bakit ka nakatulog sa klase?” tanong ng kaniyang Daddy Lucas. “Napuyat ka na naman ba dahil sa pag-aaral ng leksiyon?”

“Hindi po, Daddy. Sorry po dahil nagsinungaling ako sa inyo,” paliwanang ni Oliver. “Ang totoo po, palagi po akong nagbababad sa gadyet kaya po gabi na ako masyado nakatutulog,” payukong tugon ni Oliver.



“Oliver, totoo ba iyan?” tanong ni Gng. Ramos.

“Opo, Ma`am,” sagot ni Oliver. “Patawad po kung nagsinungaling ako.”



“Gng. Ramos, kasalanan din naman namin ito. Dala ng sobrang abala sa trabaho, hinahayaan naming gumamit siya ng gadyet kahit anong oras,” salaysay ni Mommy Camila.



“Naku, hindi po iyan Mabuti Lalo na sa mga mata. ‘Di ba, Oliver?” pahayag ni Gng. Ramos.

“Opo, Ma`am, natutuhan ko po iyan sa ating leksiyon,” sagot ni Oliver. “Pangako po na hindi na ito mauulit.”

“Mabuti na lang at panaginip lang ang pagkawala ng iyong paningin, Oliver. Paano na lang kung tuluyang nasira ang iyong mga mata dahil sa pag-aabuso mo sa mga ito?” Pag-aalala ni Gng. Ramos.



“Hindi na po ako uulit, Ma`am. Aalagaan ko na po ang aking mga mata dahil alam ko po mahalaga ang mga ito,” saad ni Oliver.

“Mabuti naman kung ganoon, Oliver,” nakangiting tugon ng kaniyang Daddy.

Niyakap si Oliver ng kaniyang mga magulang.



"Mula ngayon, Oliver, babantayan ka na namin sa iyong paggamit ng gadyet," wika ng kaniyang Daddy.





Mula noon hindi na nagbababad si Oliver sa paglalaro ng gadyet. Kadalasan, kung gagamit man siya ay sa pagsasaliksik na lang at limitado na ang oras.

Natuto na rin siyang alagaan ang kaniyang mga mata at imbes na maglaro ng gadyet, nakikipaglaro na si Oliver sa kaniyang mga kaibigan.





## Tungkol sa May-akda



Ang may - akda ng kuwento ay si Iris Kristine A. Mejos isang Master Teacher I ng Magugpo Pilot Central Elementary School, Sangay ng Tagum City, Rehiyon XI. Bukod sa pagiging guro, isa rin siyang rehistradong Guidance Counselor. Nagtapos siya ng kursong Bachelor of Arts in Elementary Education sa St. Mary`s College, Tagum City. Tinapos naman niya ang kursong Master of Arts in Guidance and Counseling sa UM Tagum College. Ang pagsusulat ay isa sa kaniyang mga hilig. Isa siyang National Winning School Paper Adviser. Naging tagapagsanay din siya sa Science Grade 6 K to 12.

## Tungkol sa Tagaguhit



Ang tagaguhit ng kuwento ay si Alemer O. Veloso Nagtapos ng kursong Batsilyer sa Sekundaryong Edukasyon sa larangan ng Pisika at kasalukuyang nagsusulat ng tesis sa kursong Master of Arts sa pagtuturo ng Sensya sa larangan ng Pisika sa University of Southeastern Philippines (USEP). Maliban sa pagtuturo siya din ay isang UI/UX designer. Sa kasalukuyan siya ay nagtuturo sa paaralan ng Vedasto F. Corcuera Elementary School.

# *Aaahhh Wala Akong Makita*



Maglilimang oras nang nakatutok si Oliver sa kaniyang ginagawa. Hindi makausap, mautusan, at minsan ay napapahiyaw pa siya sa katuwaan. Pangkaraniwang tanawin na ito sa bahay nina Oliver. Kahit sa paaralan mas gusto ni Oliver na maglaro ng gadyet kaysa makipaglaro o sumali sa mga patimpalak.